Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

Sila po ay inyong tanungin. Bakit di nila sinusunod ang rekomendasyon ng Region? Anong mayroon? Sila po ang inyong tanungin.

**Pangalawa Sa usapin kung may personal kaming alitan ni nEngr. Custodio.**

Mula ng umalis si Engr. Custodio sa aming tanggapan marami akong narinig na paninira sa aking pangalan. Ito naman ay di ko pinapansin sapagkat wala akong sapat na katibayan pero sa pagtakbo ng panahon maraming sumbong akong natanggap. Ang iba ay tama subalit ang iba naman ay walang katotohanan. Dahil personal na problema ng ating mga kliyente sa kanya. Aking pinayuhan na makipag-usap sila sa kanya. At kung di naman tutugon may sistema naman ang pamahalaan para panagutin ang may-sala.

Kaya hindi po totoo na kami ay may alitan bagkus ako po ay agrabyado dahil kung ano anong paninira ang ginagawa nya sa akin.

At bilang hepe ng respetadong ahensya hindi ko na lang pinapansin ito. Pero kung ang isang tao ay lumabag sa batas hindi ako magdadalawang isip na gumawa ng aksyon na naaayon sa ating Saligang Batas.

Bilang pang wakas ang masasabi ko lang hindi kayo malalagay sa problema kung susundin ninyo ang tamang proseso. At habang ako ang hepe g CENRO Sablayan hindi magtatagumpay ang MALI, bagkus ang TAMA ang magwawagi. Sundin ninyo lang po ang aming payo na humingi ng "waiver" sa mga may-ari ng lupa, tinitiyak namin ang inyong kahilingan na "survey authority" ay aming ipagkakaloob.

Sana sa pamamagitan ng aking liham kami sana ay makapagbigay linaw sa inyong problema.

Lubos na gumagalang,

**FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA**
CENR Officer

May sipi :

Gobernador Ed Gadiano
Kapitolyo ng Kanlurang Mindoro

Provincial Environment and Natural Resources Office
Mamburao, Occidental Mindoro

Hepe ng Legal Division
DENR MIMAROPA Region

File